# ADB Panel nakipagpulong kay Gob. Tallado








*Ang MOA Signing na ginanap kaugnay sa pagbubukas ng OWWA Help Desk na nasa tabi ng tanggapan ni Gob. Tallado na layuning matugunan ang ilang mga hinaing at pangangailangan ng mga pamilya ng OFWs. Isinagawa ang paglagda sa pagitan ng pamahalaang panlalawigan na kinatawan ni Gob. Tallado, TESDA Cam. Norte Conrado Maraan at DOLE RO V na kinatawan ni RD Nathaniel Lacambra. Pinangunahan nina Gob. Tallado at RD Lacambra ang pagbubukas ng nasabing OWWA Help Desk.*

Bumisita kamakailan dito sa Lalawigan ng Camarines Norte ang *Asian Development Bank (ADB) panel* na na panauhin sa talakayan ukol sa *Agri-Pinoy Trading Center (APTC)*. Maliban dito, ang *ADB panel* ay nagkaroon ng hiwalay na pulong sa tanggapan ni Gob. Edgardo A. Tallado.

Dumating si *Usec.* Rosalina Bistoyong ng *Department of Agrarian Reform (DAR) Support Services* at *Project Officer for Foreign-Assisted Projects* na siyang namuno sa pagpupulong kung

(Sundan sa pahina 2)

## Nasa Loob

Mobile emission equipment idi-deploy sa CN 2
Basud NHS back-to-back champion sa 2nd Provincial Quiz Bee 3
Pamilya ng 355 CNPJ inmates benepisyaryo ng DOLE Kabuhayan Program 3
Fun walk, iba pa tampok sa 18-day Campaign to End Violence Against Women 4
Mga piling larawan 5
Quinones: Tulay ng Kabuluan, walang kabuluhan 6
10-Year Solid Waste Mgt. Plan ng CamNorte binabalangkas 6
Gob. Tallado nanawagan sa publiko na makiisa sa 'Sinsilyo Mo, Tabang sa Klasrum Ko' fund raising project ng Bicol RDC; Albay, unang benepisyaryo nito 7
Paggamit ng automated clinical chemistry, atbp. sa CNPH, isinusulong; MOA ukol dito inihahanda na 7

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
# Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 5, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE, 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

## ARCP Mid-Term Review

**"Umaasa ako na may maganda silang balita, may bagong biyaya para sa Camarines Norte."** Ito ang pahayag ni Gob. Edgardo A. Tallado nang dumating dito sa Camarines Norte ang mga kinatawan ng *Asian Development Bank (ADB)* para sa *mid-term review* nila ng *Second Agrarian Reform Community Project (ARCP 2)* na ang pangunahing layunin ay alamin ang resulta ng mga proyektong *ARCP 2* dito sa lalawigan.

(Sundan sa pahina 3)



# Mobile emission equipment idi-deploy sa CN

Gagala sa Camarines Norte ang isang *mobile emission testing equipment* habang hindi pa nakapagsisimula ng operasyon ang *emission testing facility* na itinayo ng pamahalaang panlalawigan.

Ayon kay Bokal Rodolfo "Pol" Gache, ito ang pansamantalang solusyon habang ang usapin sa *emission testing* ay hindi pa natatapos.

Bukod sa *mobile testing equipment*, isang *testing center* din ang ipupwesto sa gusaling ipinagawa ng pamahalaang panlalawigan malapit sa Kapitolyo, dagdag pa ni Bokal Gache. Ang mga ito'y pangangasiwaan ng *Land Transportation Office (LTO)* upang masolusyunan ang matagal ng hinaing ng mga *vehicle owners* sa lalawigan na patuloy na nagtitiis sa mataas na singil at mabagal na serbisyong dulot ng monopolyo.

Matatandaan na isang resolusyon ang ipinasa ng Sangguniang Panlalawigan para makapagtayo ng *emission testing center* ang pamahalaang panlalawigan para malutas ang nabanggit na problema ngunit ito'y kinokontra ng monopolyo sa bisa ng isang *Temporary Restraining Order (TRO)* na isinaklob ng husgado. Dahil sa *TRO* ay walang kakumpitensya ang nag-iisang *emission testing center* na ang resulta ay mataas na singil at mahabang pila ng mga behikulo para maisailalim sa *emission testing*.

"Noon pang 2004 nakalapat ang *TRO* at ang mga behikulo dito sa Camarines Norte ay humigit-kumulang 18,000 pa lamang.

Ngayon, pagkatapos ng 10 taon ay nasa 30,000 na ang bilang ng mga behikulo dito sa probinsya pero hindi pa rin nadadagdagan ang *emission testing center* na nagresulta sa *bottleneck* ng mga magpapa-*testing*," pahayag ng bokal.

Ayon pa kay Bokal Gache, ang *TRO* ay may kaakibat na *court injunction*, na nangangahulugang matatagalan pa ang bisa nito.

"Mapadadali lamang ang pag-aalis dito kung ang mismong nagpetisyon sa husgado ang kikilos," dagdag pa niya. Ngunit tila walang balak ang may hawak ng monopolyo sa operasyon ng *emission testing center* dito sa Camarines Norte na pagbigyan ang hiling ng mga mamamayan.

Sa katunayan, ipinagsakdal pa nito ang mga bokal ng Sangguniang Panlalawigan na pumabor sa resolusyon para sa pagtatayo ng *emission testing center* ng pamahalaang panlalawigan. Kabilang dito sina Bokal Gache, Bokal Romeo Marmol, at iba pa na nais mabigyan ng ginhawa ang maraming *vehicle owners*.

Sa *timeline* na mula sa *SP secretariat*, apat na importanteng resolusyon ang pinagtibay ng mga bokal para tuluyang nang masolusyunan ang naturang problema:

**<u>Res. Blg. 279-2013</u> – Resolusyon para sa pagsasagawa ng *public consultation* para sa *emission testing***

**Res. Blg. 286-2013 – Resolusyon na humihiling kay *Regional Director* Noreen Bernadette S. San Luis Lutey ng *LTO Regional Office* No. 5 na mag-*deploy* ng *Mobile Emission Testing Equipment* sa probinsya ng Camarines Norte**

**<u>Res. Blg. 344-2013</u> – Resolusyon na nagkakaloob sa Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng *corporate powers* nito at ng Gobernador para magpatakbo ng *Emission Testing Center*.**

**<u>Res. Blg. 410-2013</u> – Resolusyon na nagsusulong sa "Isang Ordinansa para sa Pagtatayo ng *Provincial Emission-Testing Center* at Pagpapataw ng Tamang Bayarin para sa *Anti-Smoke Belching* at *Air Pollution Control*."**

Sa ngayon ay naghihintay na lamang ng abiso ang gobyerno probinsyal mula sa *LTO* kung kailan magsisimula ang paggala ng *mobile testing equipment* at ang operasyon ng *LTO temporary emission center* sa bayan ng Daet.

Tiniyak din ni Bokal Gache na ang resulta ng *testing* na gagawin ng *LTO* ay magagamit para sa pag-*renew* ng rehistradong mga behikulo.

"Kapag natapos na ang usaping ligal at nagsimula na ang operasyon ng *emission testing facility* ng gobyerno probinsyal ay ipu-*pull-out* na rin ang *mobile* at *temporary testing center* ng *LTO*," wika pa ni Bokal Gache. ***(RMVito)***

# Cam. Norte, PANATA KO regional winner; PSWDO, GAPAS Awards nominee naman

Dahil sa masugid na pagsisikap at dedikasyon ni Gob. Edgardo A. Tallado sa paghahatid nang mas pinahusay at pinalawak na mga serbisyong panlipunan *(social services)*, *regional winner* ang Camarines Norte sa PANATA KO sa Bayan o **<u>PA</u>**gkilala sa **<u>NATA</u>**tanging **<u>KO</u>**ntribusyon sa Bayan *Awards* ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD)* kaya awtomatiko itong nominado sa *national competition*.

Ang *Provincial Social Welfare and Devt. Office (PSWDO)* dito ay nominado naman sa ilalim ng **<u>GA</u>**wad sa **<u>PA</u>**glilingkod sa **<u>S</u>**ambayanan (GAPAS) *Awards* ng PANATA KO sa Bayan *Awards* sa kategoryang *Model LGU implementing DSWD Project/s Category*. Ito ay resulta ng pagkakaroon ng *pre-accreditation* nang halos lahat na *Senior Citizens Center (SCCs)* dito sa CamNorte sa pakikipag-ugnayan sa *DSWD Field Office V*, *Federation of Senior Citizens Association of the Philippines (FSCAP)*, *Of-ffice of Senior Citizens Affairs (OSCAs)* at 12 *Mun. Social Welfare & Devt. Offices (MSWDOs)* dito.

Samantala, nominado naman ang *FSCAP* Jose Panganiban Camarines Norte sa GAPAS *Awards* sa ilalim ng *Best People's Organization Category*.

Ang paggawad ng parangal sa mga opisyal, pamahalaang lokal at samahan/organisasyon na aktibo at patuloy na nakakatuwang ng *DSWD* sa pagbibigay ng tulong at de-kalidad na *social protection programs* para sa mga mahihirap ang magiging sentrong gawain sa programang isasagawa sa selebrasyon ng ika-64 na taong anibersaryo ng pagkakatatag ng *DSWD* sa Enero 16, 2015 sa *DSWD Central Office, Quezon City*.

Matatandaan na si Gob. Tallado lamang ang tanging gobernador ng Camarines Norte na lubos na kumilala sa mahalagang papel at kontribusyon ng mga nakatatanda sa paghubog ng ating bansa. Ginawa niya ito hindi sa salita kundi sa gawa.

Sa kanyang inisyatibo, simula Enero 2012 ay buwan-buwan nang nakatatanggap ng P2,000.00 *monthly honorarium* ang pangulo ng *OSCAs* sa 12 bayan dito sa CamNorte na siyang namumuno sa implementasyon ng mga programa at gawain ng kanilang samahan.

Mapapansin na hindi lamang ang serbisyong panlipunan *(social services)* para sa mga nakatatanda ang tinututukan ni Gob. Tallado kundi pati na ang pagpapabuti ng serbisyo para sa mga may kapansanan o *persons with disabilities (PWDs)* na karaniwang naisasantabi at halos 'di napagtutuunan ng pansin ng karamihan sa mga lo-

***(Sundan sa pahina 4)***

# ADB Panel nakipagpulong ...

***(Mula sa pahina 1)***

saan tinukoy ang mga paraan at istratehiya para maging mabunga ang implementasyon ng iba't-ibang proyekto at programa ng pamahalaang panlalawigan.

Sa ulat ni *Engr.* Jhonny Enova, *Asst. Provincial Engineer*, 14 *subprojects* na ang natapos at nai-*turnover* o nailipat na ang pangangalaga sa mga kinauukulang barangay. Ito ay maliban pa sa 17 pang proyekto na nakalinya na rin *for turnover*.

Samantala, ang ginagawang kalsada sa Brgy. Bactas sa bayan ng Basud ay nababalam naman dahil ang 25% o P7 milyon nito ay magmumula sa *National Assistance to Local Government Unit (NALGU)*.

Ang *last fund release* ng *NALGU* ay noon pang Setyembre 2013, ayon kay *Provincial Accountant* Myrna V. Sendon samantalang nakapagsumite na sila ng *liquidation report* sa *DAR* at *Municipal Development Fund Office (MDFO)*. Wala rin aniyang problema sa *Commission on Audit (COA)*, ngunit sa kabila nito ay wala pa rin silang natatanggap na *feedback* mula sa nasabing ahensya.

Bilang tugon, sinabi ni *Usec.* Bistoyong na hindi dapat makuntento ang pamahalaang panlalawigan na walang pahatid-abiso ang mga kinauukulang ahensya. Ang kailangan ay mag-*follow-up* at magtalaga ng tao para magkaroon nang mabilis at tamang koordinasyon.

Napag-alaman naman sa opisyal ng *DAR* na wala ng *NALGU fund* sapagkat ito ay mula sa *Disbursement Acceleration Program (DAP)*. Maaari naman daw gamitin ng *PGCN* ang *PBGS* nito upang punuan ang pondong baka hindi na maibigay ng *NALGU*.

Samantala, idinagdag ni *Engr.* Enova, walang problema sa implementasyon sapagkat sa 52 proyekto dito, karamihan ay 80-90% na ang natatapos.

*"This LGU is quite compliant,"* ito ang impresyon ni *Usec.* Bistoyong sa administrasyon ni Gob. Tallado.

Samantala, si Ms. Marsha Lorenzo, *Asian Development Bank (ADB) Team Leader* na isa sa mga panauhin ay nagsabi na malaki ang pagkakaiba ng Camarines Norte sa ibang probinsya na may *ARCP*. Kinatigan naman ito ni Sandes sa pagsasabi patungkol sa Camarines Norte na, *"This is a good place to work"*.

Samantala, sa huli ay sinabi ni *Usec.* Bistoyong na ang *APTC* ay kanilang pinag-aaralan na maging isang *collaboration* ng *DAR* at *PGCN*.

"Tutulong kami dito upang maging produktibo ang kalakalan," dagdag naman ni *ADB Team Leader* Lorenzo. Ito ay dahil mas madali umano ang magpagawa ng bagong kalsada kaysa magpatakbo ng isang *agricultural enterprise* kaya dapat na tulungan ang *APTC*. Ayon pa kay Lorenzo, kapag natapos na ang *ARCP* ay kanila nang pagtutuunan ng pansin ang *agricultural enterprise*. ***JING ARRIOLA- CALIMLIM***

# Basud NHS back-to-back champion sa 2nd Provincial Quiz Bee



*Tinatanggap ni Venice Lopez Encinas mula kay Provincial Administrator Joey G. Boma ang tropeyo at dummy check bilang kampeon sa 2nd Provincial Quiz Bee na ginanap sa Provincial Library ng Pamahalaang Panlalawigan. Kasama niya si Ms. Lorenia C. Tuazon ng Library Services Division at ang kanyang adviser na Ms. Rosalie Mago Sarion (ikalawa at dulong kaliwa).*

Naipagtanggol ni Venice L. Encinas ng *Basud National High School (BNHS)* ang kanilang korona bilang kampeon sa katatapos na *2nd Provincial Quiz Bee* noong Nob. 25, 2014 na bahagi ng *23rd Library and Information Services Month Celebration* dito sa Camarines Norte.

Mula sa sampung (10) mag-aaral sa sekondarya mula sa pribado at pampublikong paaralaan na nagtunggali sa *elimination round*, si Encinas ay kabilang sa 8 natira at mapalad na nakapasok sa *championship round*.

Dahil sa magkasunod na taong panalo ng *BNHS*, isang panalo na lang ang kailangan nila para maitanghal na *grandslam winner* kung saan isang 5-*feet trophy* ang naghihintay na maiuwi na ng *BNHS* sakaling manalo sila sa susunod na *quiz bee* sa taong 2015.

Naging mahigpit naman ang laban sa pagitan nina Tracy Val C. Cornejo ng *Moreno Integrated School (MIS)* at Julius D. Ramos ng *Camarines Norte National High School (CNNHS)* na nakakuha ng parehong puntos para sa ikalawang pwesto. Tila walang isa man sa kanila ang nais magpatalo sapagkat umabot sila sa ikatlong *tie breaking question*. Sa huli, nangibabaw si Cornejo na siyang nakapagbigay ng tamang kasagutan kaya siya ang tinanghal na *2nd placer*. Awtomatiko namang pinangalanan si Ramos bilang *3rd placer* sa paligsahan.

Bukod sa kaukulang *certificate* at medalya, ang mga nanalo ay tumanggap ng premyong tig-P3,000.00; P2,000.00 at P1,000.00, ayon sa pagkakasunod. Pinagkalooban naman ng kaukulang tropeyo ang kani-kanilang paaralan, at *certificate of participation* sa lahat ng mga kalahok na di pinalad na manalo.

Nagsilbi namang mga hurado sa naturang *quiz bee* sina Dr. Ronaldo U. Diezo, *DVM, Acting Provincial Veterinarian; Public Services Officer IV* Arnel S. Ferrer ng *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO)*, at Ms. Emma V. Dasco, *Education Program Supervisor-English* ng *Department of Education (DepEd)*.

Ang naturang gawain ay itinaguyod ni Gob. Edgardo A. Tallado sa pamamagitan ng *Office of the Governor-Library Services Division* na pinamumunuan ni Ms. Lorenia C. Tuazon.

Naisakatuparan ang *quiz bee* at iba pang gawain sa selebrasyon dito ng *Library and Information Services Month* dahil sa pakikipagtulungan ng *DepEd* na laging sumusuporta sa mga programa ng pamahalaang panlalawigan. ***DARIO C. DIME***

# Pamilya ng 355 CNPJ inmates

## benepisyaryo ng DOLE Kabuhayan Program

Isang napakaagang pamasko ang inihandog ng Pamahalaang Panlalawigan at ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* para sa 355 pamilya ng mga *inmates* na nasa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)*.

Ito ang *DOLE's Integrated Livelihood and Emergency Employment Program (DILEEP)-Kabuhayan Program-Livelihood/Enterprise Formation (LEF)* na isang pangkabuhayang proyekto para sa mga *CNPJ inmates* at kanilang pamilya.

Ang bawat pamilya na magiging benepisyaryo nito ay bibigyan ng *DOLE* ng *material/ equipment assistance* na tig-P6,000.00 para sa proyektong pangkabuhayan gaya ng pagtitinda, pananahi, pagwi-*welding* o pag-*vulcanize* kaya.

Pinangasiwaan ng *DOLE* ang pagpili sa mga pamilyang benepisyaryo batay sa resulta ng *profiling* na una na nitong isinagawa ng kagawaran sa pamamagitan ni *DOLE Provincial Director* Jane Rolda.

Kamakailan din ay lumagda sina Gob. Edgardo A. Tallado at *DOLE Regional Director Dr.* Nathaniel V. Lacambra sa isang *memorandum of agreement (MOA)* para matiyak ang mahusay na implementasyon ng nasabing proyekto. Susubaybayan ito ni Gob. Tallado sa pamamagitan ni *Acting Provincial Warden* Reynaldo N. Pajarillo ng *Office of the Governor-Provincial Custodial and Security Services Division (G.O.-PCSSD)* na siyang namamahala sa operasyon ng *CNPJ*.

Nalalaman, nakikita at nararamdaman ni Gob. Tallado ang hirap ng mga *inmates* pati na ng pamilyang naiwan nila sa labas ng piitan kaya sinikap niya na maaprubahan ng *DOLE* ang programang pangkabuhayan para sa mga *CNPJ inmates* at kanilang pamilya. Hangad niya na sa pamamagitan nito, mas matutugunan ng mga pamilyang benepisyaryo ang kanilang pangangailangan at maramdaman nila na hindi sila pinababayaan ng gobyerno lalo na ng pamahalaang panlalawigan.

Inaasahang maipatutupad ang *DILEEP-Kabuhayan Program-Livelihood/Enterprise Formation (LEF)* para sa mga *CNPJ inmates* at kanilang pamilya sa sandaling makumpleto na ang mga kinakailangang dokumento para sa implementasyon ng nasabing proyekto. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# ARCP Mid-Term ...

*(Mula sa pahina 1)*

Ang *ADB team* ay binubuo ni Ms. Marsha Lorenzo, *team leader; Gadontar Setburt Arlan, Delan Senders* at Nelson Manjar. Ayon kay Marsha Lorenzo, bumisita sila upang alamin kung ang mga proyektong ipinatupad dito mula sa pondo ng *ADB* ay nakatulong upang bumuti ang buhay ng mga benepisyaryo at kung ano ang mga dapat pang gawin upang mas maging epektibo ang programa. Ilan sa mga naging katanungan ng *ADB panel* ay ang mga sumusunod:

Sa tanong na, "Tinuruan ba kayo ng *EDCOP* upang masiguro na dekalidad ang pagkakagawa ng kalsada?"

Tinugon ito ni PB Gregorio R. Octa ng Brgy. Daguit, Labo nang ganito:

"Maayos po ang pagkakagawa ng 1.5 kilometrong kalsada sa aming barangay. Tiningnan 'yan ng aming samahan kung tama sa sukat, laki, kapal at timpla ng semento, na kaharap nila ang inhenyero mula sa *EDCOP*, na nagsusubaybay sa proyekto.

Kayo ba ay *involved* o nakikiisa dito sa *Agri-Pinoy Trading Center (APTC)*? Sinabi ng *BADCOR* na nagsisimula na silang magdala ng produkto sa *APTC*. Dati rin ay problema kung saan nila dadalhin ang kanilang mga ani ngunit dahil sa *APTC*, natuldukan ang kanilang alalahanin.

Nabago ba ang inyong buhay?

"Napakaganda ng *outcome*, napakalaking tulong, umangat ang aming kabuhayan. Dahil sa *farm to market road* ay mabilis nang nadadala ang aming mga produkto mula sa aming sakahan."

"Naiiwasan na rin ang tsismisan ng mga kababaihan dahil mayroon na silang pinagkakaabalahan."

Bakit sinasabi ninyo na dapat ay may *ARCP 3* pa?

"Lahat kami ay nagsisikap; kailangan pa namin ng pondong kapital at baka yumaman na kami".

Pantay ba ang bilang ng batae at lalaki na nakikiisa mga *livelihood projects* ng *ARCP 2* tulad ng *apple planting* na pinunduhan ng P1 milyon sa pamamagitan ng *Department of Agrarian Reform (DAR)*. Ayon sa *BICPPA*, 74 sila lahat na ang 54.05% (40) ay babae at ang lalaki ay 39.19% (29) na lahat ay magsasaka.

May iba pa ba kayong pinagkukunan ng pondo para sa inyong mga proyekto?

"Mula po sa *capital build-up* ng bawat kasapi ng aming samahang *BARCO*.

"Kami naman po ay napagkaloober ng P150,000.00 ng *Peoples Equity Foundation* ayon sa kinatawan ng *BICPPA*. Nangutang din po kami sa *Land Bank of the Philippines (LBP)* samantalang ang *DARBO* ay tinutulungan ng *Department of Trade and Industry (DTI)* para sa *labeling* ng kanilang *coco vinegar products*. Kailangan pa rin nilang makuha ang pahintulot ng *FPA* gayundin sa mga kaukulang *trainings* na ibi-

*(Sundan sa pahina 6)*

# Fun walk, iba pa tampok sa 18-day Campaign to End Violence Against Women



*Nakiisa si Provincial Administrator Joey G. Boma sa Fun Walk na nagsimula sa Provincial Capitol Grounds at bahagi ng mga gawain sa annual 18– Day Campaign to End Violence Against Women.*

Nakiisa muli ang Camarines Norte sa pag-obserba ng buong bansa sa *18-Day Campaign to End Violence Against Women (VAW)* simula Nobyembre 25 hanggang Disyembre 12, 2014 na nakatuon sa temang, *“End VAW Now! It's Our Duty!”* .Itinaguyod ito ni Gob. Edgardo A. Tallado sa pamamagitan ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO).*

Kaugnay nito, isang *fun walk* ang isinagawa sa *downtown* Daet noong Nob. 25 bilang *kick-off activity* para sa naturang 18-araw na selebrasyon. Ito ay nagsimula sa *Central Plaza Complex* at nagtapos sa *Provincial Capitol Grounds.*

Kabilang sa mga nakiisa sa naturang *fun walk* ang mga *day care workers* mula sa 12 bayan ng lalawigan, mga opisyal at kawani ng mga pamahalaang lokal at pambansang ahensya, sosyo-sibikong organisasyon, at iba pa na tumutugon at nakikiisa sa pandaigdigang panawagan para mawakasan na ang pang-aabuso at pagsasamantala sa mga kababaehan.

Maliban dito, ang pamahalaang panlalawigan at iba't-ibang tanggapan ng pamahalaan (lokal at nasyonal) at pribadong sektor man ay nagsabit ng istremer at *campaign posters* sa kanilang mga nasasakupan para mas mapalawak ang kampanya at maitaas ang antas ng kaalaman at kamalayan ng publiko ukol sa kalagayan ng mga kababaehan.

Ang nasabing 18-araw na aktibidad dito na magtatapos sa Disyembre 12 ay katapat ng mismong araw ng pag-obserba sa *International Day Against Trafficking.*

Dahil dito, ang *Lecture-Discussion on Republic Act No. 9262 (Anti-Violence against Women and their Children Act of 2004)* at ang *Republic Act No. 10364 (Expanded Anti-Trafficking in Persons Act of 2012)* ay magkasabay na gaganapin sa *Little Theater, Provincial Capitol.*

Isasagawa ang kambal na *lecture-discussions* para maipabatid sa mga kaukulang ahensya at opisyal lalo na sa publiko ang iba't-ibang uri ng paglabag at pang-aabuso sa karapatan ng mga kababaehan at kanilang mga anak (mga kabataan), at kung paano at aling tanggapan ang maaaring makatulong sa kanila.

Matatandaan din na simula taong 2002, ang Pilipinas ay aktibo nang nakikilahok sa 16-araw na pagkilos kontra *gender-based violence* na isinasagawa sa iba't-ibang panig ng mundo simula Nobyembre 25 hanggang Disyembre 10. Ngunit noong 2006, sa bisa ng *Presidential Proclamation 1178*, ang pambansang kampanya ay ginawang 18-araw, at nagtatapos tuwing 12 Disyembre na nakatalaga naman bilang *Anti-Trafficking in Persons Day.*

Napaka-akma ng tema ngayong taon na binibigyang-diin na responsibilidad ng bawat isang mamamayan na gampanan ang ating tungkulin bilang responsableng indibidwal na nakarinig at umaksyon sa panawagang, *“End VAW Now! It's Our Duty!”*. ***LORENA D.***

## Cam. Norte, PANATA KO regional ...

***(Mula sa pahina 2)***

kal na opis-yal. Patunay dito ang pagkilos ni Gob. Tallado na maitatag ang *Persons with Disability Affairs Office (PDAO).*

Sa pamumuno ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel, sinuportahan ito ng Sangguniang Panlalawigan sa pamamagitan ng pag-apruba sa Panlalawigang Ordinansa Blg. 20-2014.

Kasama dito ang pagpatibay ng Sanggu-nian sa Kapasyahan Blg. 383-2014 na humihikayat sa mga lokal na opisyal sa 282 barangay sa 12 bayan ng lalawigan na gawing prayoridad ang pagtatala at ang pagsasaayos sa datos ng mga *PWDs* sa kani-lang nasasakupan. Ito ay para masiguro na ang mga *PWDs* sa kanilang lugar ay makakasama sa mabibigyan ng tulong at serbisyo sa ilalim ng iba't-ibang programa ng mga kaukulang sangay ng pamahalaan, lokal at nasyonal man. ***LORENA DELA TORRE- IBASCO***

## P1.2-bilyong PRDP projects ...

***(Mula sa pahina 8)***

- Dagang-Talusan-Pinagbirayan Malaki-Calaburnay-Mangcasay- Tabas, Paracale (9.88 kms.) - 119,000,000.00
- San Antonio-Villa Belen, Capalonga-Rizal, Sta. Elena (4.25 kms.) - 51,000,000.00
- Bagong Silang 2, Labo-San Martin-San Pedro-Sta. Cruz, Jose Panganiban (8.77 kms.) - 105,000,000.00
- Angas-Mandazo-Lidong-Oliva-Caayunan, Basud (14.23 kms.) - 171,000,000.00

***Coco Geonet Production Project – P6,925,823.00***

Sa naturang *project cost*, P120,689,789.80 o 10% ng kabuuang halaga ng proyekto ang magiging ambag ng pamahalaang panlalawigan *(equity)* na magmumula sa *Land Bank of the Philippines (LBP) loan*. Matatandaan na inendorso ito ni Gob. Edgardo A. Tallado sa Sangguniang Panlalawigan na pumabor dito. Ito ay sa pamamagitan ng pag-apruba nito sa Resolusyon Blg. 522-2014 para sa *Appropriation Ordinance No. 35-2014* na nagpahintulot na pumasok sa isang *loan agreement* sa *LBP* ang pamahalang panlalawigan na kinakatawan ng gobernador. ***LORENA D. IBASCO***

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator I*

Rikki M. Vito, *Communications Liaison*

***EXECUTIVE EDITOR:***
JING ARRIOLA CALIMLIM

***NEWS EDITOR:***
Lorena T. Ibasco, Admin. Officer V

***LAYOUT:***
Engr. Wilson V. Porcincula

***PHOTOGRAPHER*** :
Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** :
Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:***

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua

**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong

# Mga piling larawan





*1) Nagbibigay ng inspirational si Mr. Ricky Lee sa mga estudyanteng dumalo sa programang isinagawa sa Provincial Library kamakailan. Tubong Daet si Lee na isang bantog na screenwriter, journalist at playwright. 2) Ang courtesy call ni Mr. Ricky Lee sa tanggapan ng gobernador kaugnay ng pagbibigay niya ng mga aklat sa panlalawigang aklatan na pinangangasiwaan ni Ms. Lorenia C. Tuazon. Kasama nila sa larawan sinaGob. Edgardo A. Tallado (gitna) Bise Gob. Jonah G. Pimentel, SP Member Engr. Gerry Quiñones (ikalawa at dulong kaliwa), at Jing Arriola Calimlim, Acting PIO/CA Officer IV (ikalawa mula sa kanan).*




*Iniaabot nina Gob. Egay Tallado at Bise Gob. Jonah G. Pimentel ang katibayan ng pagkilala kay Arjen A. Pascual, na ipinanganak si Jhomar P. Lacerna noong ika-27 ng Hulyo at siyang naging kinatawan ng lalawigan sa ika-100Mth Pinoy sa buong Rehiyong Bikol. Tinanggap ng Pamilya Pascual ang isang nursery kit mula sa Commission on Population Region V sa pamumuno ni Magdalena G. Abellera.*




*Pinarangalan ni Gob. Egay Tallado si John Lennon Morales ng Calasgasan Elementary School na nagsoli ng napulot niyang wallet ni Mr. Joel Balanse ng CNTV News na may lamang cash at mahahalagang mga dokumento. Pinasalamatan din ng gobernador ang pamilya ng bata na aniya'y humubog sa magandang asal nito lalo na ang pagiging matapat.*





*Tinanggap nina Vice Mayor Brenda Salalima-King ng Mercedes at Mayor Dina Borja ng Sta Elena mula kina RD Nathaniel Lacambra, DOLE RO V at Gob. Egay Tallado ang replica ng tseke ng nagkakahalagang P265,000.00 para sa pambili ng mga starter Kits na ipamamahagi sa mga deserving na recipients ng kani-kanilang mga bayan. Nauna ng namahagi ang pamahalaang panlalawigan ng mga naturang starter kits na ito.*



*Binigyang-pagkilala ng pamunuan ng DepEd Division of Camarines Norte si Gob. Edgardo A. Tallado kaugnay ng programa nitong pang-edukasyon partikular na para sa mga Out-of-School Youths (OSYs). Iniaabot ni Sir Antonio Ahmad ng DepEd ang Katibayan ng Pagkilala kay Gob. Tallado bilang kinatawan ni Schools Division Supt. Arnulfo M. Balane.*

# Quinones: Tulay ng Kabuluan, walang kabuluhan



HINILING ni Bokal Gerry Quinones na ipatawag ang kinatawan ng *DPWH Camarines Norte Engineering District* at humarap sa Sangguniang Panlalawigan upang ipaliwanag ang sitwasyon sa ginagawang tulay sa Brgy. Kabuluan at ang pagkumpuni sa *detour bridge* nito na nasira noong Setyembre dahil sa bagyong Mario.

Sa kanyang *privilege speech* sa sesyon ng Sangguniang Panlalawigan noong Nob. 5, 2014, hiningi niya ang pagsang-ayon ng kanyang mga kasamahan dahil umano sa "walang kabuluhan" ang tulay para sa sa mga mamamayan ng ating lalawigan.

Kelan kaya matatapos ang tulay ng Kabuluan?," tanong ni Bokal Quiñones. Pinuna rin niya ang walang silbing *detour road* na halos isa't-kalahating buwan na makaraan ang pananalasa ng bagyongMario ay hindi pa rin nagagamit.

"Dahil dito, ang mga nagbibiyahe patungong Kamaynilaan o sa *Southern* at *Northern Luzon* ay sa Andaya *Highway* sa Camarines Sur pa dumaraan," wika niya.

"Noong nakaraang undas, marami akong nakausap na mga kaibigan at kamag-anak na labis na nadismaya sa tagal ng b'yahe bukod pa sa *additional charges* sa pamasahe dahil sa dagdag-konsumo ng krudo sa pag-ikot sa Andaya *Highway*," dagdag pa nito.

Ayon kay Bokal Quiñones, sa kabila ng agarang pagpapadala ni Gob. Edgardo A. Tallado ng mga *heavy equipment* para mapabilis ang pagsasaayos ng nasirang *detour* **bridge** ay hindi pa rin ito madaanan ng mga sasakyan.

Sa *main bridge*, sa kabilang dako, ay makupad ang patrabaho at dalawang poste pa lamang na walang kongkretong balot ang kanyang nakita, dagdag pa ng bokal.

Dahil dito, gustong malaman ni Bokal Quiñones kung kailan matatapos ang tulay ng Kabuluan, kung magkano ang halaga ng proyekto at magkano na ang nakukolekta ng kontratista.

"Marapat na ipatawag ang kinatawan ng *DPWH* upang malaman ang tunay na sitwasyon ng proyekto nang sa gayon ay magkaroon ng kasagutan ang katanungan ng ating mga kababayan, at matukoy kung ano ang dapat gawin ng Sangguniang Panlalawigan para maibsan ang hirap ng ating mga kababayan," pahayag pa ni Bokal Quinones. ***(RM Vito / Communication Liaison)***

# 10-Year Solid Waste Mgt. Plan ng CamNorte binabalangkas



Magkakaroon na ng kongkretong batayan ang pamahalaang panlalawigan at ang 12 pamahalaang bayan ditto sa Camarines Norte para sa pagtugon, pagaksyon at pagpapatupad ng mga programa, proyekto at aktibidad para lubos na mapangalagaan at responsableng magamit at mapakinabangan ang ating kapaligiran at mga likas-yaman nito.

Ito ay sa sandaling maisapinal na ang binabalangkas na *10-Year Solid Waste Management (SWM) Plan ng Camarines Norte* na isinailalim sa 2-araw na *Writeshop for Municipal Local Government Units in the Province of Camarines Norte in the Development of Ten-Year Solid Waste Management Plan.* Idinaos ito noong Nob. 5-6, 2014 sa pangunguna ng mga kinauukulang opisyal ng *LGU Provincial Environment and Natural Resources Office (LGU PENRO)* at *Environmental Management Bureau (EMB) Region V*.

Ang 2-araw na *writeshop* ay tinampukan ng mga serye ng *workshops*, *output presentations*, *critiquing* at ang *submission of outputs* para sa iba't-ibang *chapters* o bahagi ng *10-Year Solid Waste Management (SWM) Plan* gaya ng: *Waste Analysis and Characterization Survey (WACS); Legal/Institutional Framework; Plan Strategy; Solid Waste Management (SWM) System; Implementation Strategy; Institutional Aspects; Cost Estimates/ Financial Aspects*, at *Plan Implementation*.

Ang pagbuo ng naturang plano ay alinsunod sa itinatakda ng **Republic Act No. 9003** na mas kilala bilang ***Ecological Solid Waste management Act of 2000 - An Act Providing for an Ecological Solid Waste Management Program, Creating the Necessary Institutional Mechanisms and Incentives, Declaring Certain Acts Prohibited and Providing Penalties, Appropriating Funds Therefor, and for Other Purposes.***

Matatandaan din na una rito ay muling itinatag at ngayon ay pinalalakas ni Gob. Edgardo A. Tallado ang *Provincial Solid Waste Management Board (PSWMB)* para makabuo ng isang *functional PSWMB* na mangunguna para maisulong ang isang *ecologically-sound environment* na Lalawigan ng Camarines Norte.

Ipinahayag naman kamakailan ni Gob. Tallado na nakapaloob sa kanyang *2013-2016 Executive Agenda* ang pagprotekta sa kapaligiran. Ayon sa gobernador, katulad ng yamang-tao, ang yamang-kalikasan ay dapat nating pangalagaan at pagyamanin para lubos nating mapakinabangan at ng mga susunod na henerasyon. Huwag nating abusuhin ang kalikasan at mga yaman nito nang sa gayon ay makaiwas tayo sa galit at ganti ng kalikasan sa anyo ng iba't-ibang *natural calamities and disasters* gaya ng pagbaha, pagguho ng lupa, at iba pa na patuloy na nararanasan sa iba't-ibang panig ng mundo lalo na ang *El Niño*, global warming, at marami pang iba. ***LORENA D. IBASCO***

# ARCP Mid-Term ...

***(Mula sa pahina 3)***

nibigay pa rin ng *DTI* at *DAR*.

Ang *multi- purpose building* na bahagi ng *ARCP 2* ang siya namang ginagamit bilang *processing center*. Napagalaman din mula sa *DARBO* na isang taon na silang gumagawa ng *coco vinegar* na mula sa kapital ng kanilang samahan. Ngayon naman ay hinihiling nila sa *PCA* na mabigyan sila ng *stainless equipment* para magamit sa naturang proyektong pangkabuhayan.

Ayon sa *ADB Team*, pagtutuunan ng pansin ng *ARCP 3* ang alamin kung ang mga proyektong una nang naipatupad ay lubhang nakatulong. Tulad ng pagtaya kung ang kalsada ay naging daan para magbunga ng hanapbuhay, negosyo, kasiguruhan sa pagkain at pagtaas ng kita ng mga pamilya sa lugar ng proyekto.

Samantala, humiling naman ang *BICCPA* ng suporta para sa kanilang samahan ng mga kababaihang magsasaka upang magkaroon ng sariling proyekto tulad ng *corn waste utilization* o *handicraft* o kaya ay *decorative items* mula sa dahon ng mais.

Sa panig ng *Provincial Government of Camarines Norte (PGCN)* ay nag-ulat ang *local finance council* na binubuo ng *Provincial Budget Office, Provincial Accountant's Office* at *Provincial Planning and Devt. Office*.

Dumating din sa pulong sina G. Rodrigo Realubit, *DAR Asst. Regional Director for Operations*; si *DAR Cam. Norte -PARO II* Rocelle Olayre at *PARO I* Camilo Del Monte gayundin din ang mga *Municipal Agrarian Reform Officers (MAROs)* ng mga bayan ng Vinzons, San Lorenzo Ruiz, San Vicente, Labo, Paracale, Jose Panganiban at Basud. ***JING ARRIOLA – CALIMLIM***

# Gob. Tallado nanawagan sa publiko na makiisa sa 'Sinsilyo Mo, Tabang sa Klasrum Ko' fund raising project ng Bicol RDC; Albay, unang benepisyaryo nito

May nakatago ka bang mga sinsilyo o mga barya sa iyong pitaka, *drawers*, loob ng sasakyan, ibabaw ng *refrigerator*, *coin banks*, lata, o iba pang sisidlan na hanggang ngayon ay hindi mo pa nagagamit?

Kung oo; mas mabuting ilabas mo na ang iyong mga barya at ibigay mo sa 'Sinsilyo Mo, Tabang sa Klasrum Ko' *fund raising project* na magkatuwang na itinataguyod ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP)-Legazpi at *Regional Development Council (RDC)*. Nakatulong ka na sa *National Coin Recirculation Program (NCRP)* ng *BSP*, nakatabang ka pa sa pagsasaayos ng mga klasrum ng ilang pampublikong paaralang elementarya sa Legazpi para mas maging komportable ang mga estudyante at maging masigla at aktibo sila sa kanilang pag-aaral.

Kaugnay nito, ipinalabas kamakailan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang *Memorandum No. 140908-06* na humihikayat sa lahat ng opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan na ang kanilang nakatabing mga sinsilyo ay ihulog sa 'Sinsilyo Mo, Tabang sa Klasrum Ko' *jars* na ilalagay sa kani-kanilang tanggapan. Susog ito sa resolusyong ipinalabas ng *Regional Development Council (RDC)* na nagsusulong sa naturang proyekto.

Nanawagan din ang butihing gobernador sa lahat na makiisa sa proyekto sapagkat lahat na makokolektang sinsilyo simula Oktubre 2014 hanggang Marso 2015 ay partikular na gugugulin sa pagsasaayos *(repair)* at muling pagpintura *(repainting)* ng ilang *kindergarten classrooms* sa Albay bilang kauna-unahang benepisyaryo ng proyekto.

Bilang karagdagan, ang naturang proyekto ay ipinanukala ng *BSP Legazpi* sa *Bicol RDC* na pinagtibay ng huli sa layuning makatulong sa pambansang kampanya na maiangat ang antas ng kamalayan ng mga mamamayan ukol sa kahalagahan ng sinsilyo at aktibong sirkulasyon nito kasama na ang layuning makalikom ng pondo para makatulong sa mga pampublikong paaralang elementarya.

Ginawa rin ito ng *BSP Legazpi* para mapaigting ang *National Coin Recirculation Program (NCRP)* ng kanilang kawanihan sa harap ng patuloy na nararanasang kakulangan ng mga sinsilyo sa maraming lugar sa bansa kung saan halos walang baryang maipansukli sa mga mamimili at/o pasahero kaya. Kung magpapatuloy ito, mapipilitan ang *BSP* na muli't-muling magprodyus ng mga barya o sinsilyo na mas malaki pa ang *production cost* kaysa sa halaga ng sinsilyo lalo na para sa mga sinsilyong 25, 10, 5 at 1 sentimo.

Bilang responsableng mga mamamayan, panahon na para ilabas at gugulin ang nakatago nating sinsilyo at makibahagi sa masiglang daloy ng kalakalan at negosyo para makatulong sa pag-unlad ng ating lokal at pambansang ekonomiya. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Paggamit ng automated clinical chemistry, atbp. sa CNPH, isinusulong; MOA ukol dito inihahanda na

Ang mataas na gastusin sa pagpapagamot ay idinadaing ng mga maralitang pasyente na pinipiling bumili na lamang ng mga gamot na hindi sumasailalim sa angkop na eksaminasyong medikal/klinikal para makatipid kahit delikado sa kanilang kalusugan.

Bilang tugon dito, pinagtibay kamakailan ng Sangguniang Panlalawigan ang Resolusyon Blg. 551-2014 na nagpapahintulot kay Gob. Edgardo A. Tallado na lumagda at pumasok sa isang kontrata sa *Gino's Marketing* kaugnay sa operasyon at pamamahala ng *fully automated clinical chemistry analyzer, hematology analyzer and electrolytes analyzer* sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)*.

Matatandaan na inindorso ni Gob. Tallado sa Sanggunian ang naturang kasunduan bilang suporta sa inihaing rememendasyon ni *Provincial Health Officer Dr.* Myrna P. Rojas na paglalagay ng naturang *medical/clinical equipment* para sa kapakanan ng mga maralitang pasyente na nangangailangan ng mahusay na *laboratory services* sa presyong abot-kaya.

Sa ilalim ng 3 taong kontrata, ang *Gino's Marketing* na kinatawan ng *manager/proprietor* nito na si Mr. Angelo L. Mercado at ang *CNPH* ay magkakaroon ng *revenue sharing scheme* na 70% - 30% alinsunod sa *standard laboratory rate* maliban na lamang kung kailangang taasan ang *laboratory fees* kung nais nilang tumaas ang kanilang kita.

Dahil dito, sa anumang kikitain mula sa naturang operasyon, 70% ang mapupunta sa *Gino's Marketing* at 30% naman ang para sa *CNPH*. Pabor ito sa *CNPH* sapagkat sagot ng *Gino's Marketing* ang pagbili ng *chemistry analyzer, hematology analyzer and electrolytes analyzer* gayundin ang gastusin para sa *general maintenance, repair* at *technical assistance* ng nasabing mga *laboratory equipment*. Lalong pabor ito sa mga maralitang pasyente sapagkat magiging abot-kamay na nila ang mga *laboratory services* na karaniwang makukuha lamang sa pribadong mga ospital.

Ang *clinical chemistry analyzers* ay ginagamit sa halos lahat ng uri ng laboratoryo para sa pag-*analyze* ng mga *samples* gaya ng *blood serum, plasma* at *urine*. Ginagamit din ito para ma-*test* ang *analytes* gaya ng *proteins, enzymes* at *electrolytes* na mahalaga sa pag-*monitor* ng mga sakit gaya ng *diabetes, testing* para sa *metabolic functions* o *cardiac markers*, at *drugs-of-abuse testing*.

Ang *hematology analyzers ay* ginagamit naman sa pagsusuri ng *blood samples* para matukoy ang *white blood cell counts, complete blood counts, reticulocyte analysis*, at gamit din sa *coagulation tests*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Abot-Alam at PG LIFE-ALS ...

**(Mula sa pahina 8)**

*Camarines Norte)*. Lumagda rin sa kasunduan sina *Schools Division Superintendent* Arnulfo M. Balane ng *DepEd CN; Provincial Director* Edwin Garcia, *Department of the Interior and Local Government (DILG)-CN; PD III* Conrado E. Maranan Jr., *Technical Education & Skills Devt. Authority; OIC PD* Jane L. Rolda, *Department of Labor & Employment; Area Officer* Nydia P. Delfin, *National Youth Commission (NYC); SPM* Emmanuel Jay G. Pimentel, *Ex-Officio-Provincial Councilor's League (PCL)*, at SPM Ramon E. Baning, *Ex-Officio*-Liga ng mga Barangay (LNB), at kinatawan mula sa *Dept. of Social Welfare and Development Regional Office 5*.

Nakapaloob sa *MOA* ang kanilang pangako ng pagtutulungan para sa implementasyon ng Abot-Alam na isinusulong ng *DepEd* at *NYC*.

Dito rin opisyal na inilunsad ni Gob. Tallado ang *PG LIFE-ALS* o ang *Provincial Government Leading Intervention for Education thru Alternative Learning System (PG LIFE-ALS)* na nakapaloob sa kanyang *2013-2016 executive agenda*.

Ito ay bilang suporta sa *ALS Program* ng *DepEd* at bilang tugon sa ABOT-ALAM *campaign*. Kabilang sa implementasyon nito ang: 1) *survey/research of prevalence of out-of-school youths (OSYs)*; 2) *mapping out of OSYs* para matukoy kung saang barangay kailangang magsagawa ng *ALS Accreditation & Equivalency Classes;* 3) *production/reproduction of learning manuals*, at 4) *non-formal schooling* sa loob ng 10 buwan.

Layunin din ng kambal na programang pang-edukasyon na maituwid ang maling pananaw ng karamihan na ang *ALS Program* ay walang kalidad pati na ang mga *ALS students* at *graduates* nito. Dahil ditto, nais ipaabot ng *DepEd ALS* na ang *ALS Program* ay sumusunod sa *uniform lesson modules* para sa lahat ng *academic subjects* gaya ng *Sciences, Mathematics, English, Filipino, Social Studies, Current Events*, at iba pa. ***LORENA D. IBASCO***

# P60 milyong tseke ...

**(Mula sa pahina 8)**

PAMANA at ang P36-M naman ay sa ilalim ng *Department of Agriculture (DA)*-PAMANA.

Hindi magtatagal ay matatanggap na rin ang pondong kukumpleto sa P117 milyong nakalaan para sa Camarines Norte sa sandaling maisumite na ng pamahalaang panlalawigan ang mga kaakibat na plano ng mga proyekto at mahahalagang dokumento. Ang iba pang proyektong nakapaloob dito ay ang:

- *Improvement of water supply system from Level I to Level II*
  - -Cabatuhan, Labo P2 milyon
  - Exciban, Labo P2 milyon
  - Pangpang, Labo P2 milyon
- *Concreting of* Bulala, Sta. Elena-Villa Aurora, Capalonga *Road* (Sta. Elena & Capalonga) - ***P21-M***
- *Concreting of* Salvacion *FMR*, San Lorenzo Ruiz - ***P15-M***

Ayon kay Gob. Tallado, siguradong ikatutuwa ito ng mga residente sa mga bayan ng Basud, Capalonga, Labo, Mercedes, San Lorenzo Ruiz at Sta. Elena. Inaasahan niya na maghahatid ito ng kaunlaran sa 6 na bayan na direktang makikinabang sa proyekto na sa kabuuan ay makatutulong sa pag-angat sa ekonomiya ng buong lalawigan ng Camarines Norte.

"Nagpapasalamat ako sa *DILG, DA, Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP)* at higit sa lahat sa ating Pangulong Noynoy Aquino dahil sa patuloy niyang pagtugon sa ating mga panukala. Maraming salamat sa walang sawa ninyong pagbuhos ng proyekto sa Camari-

# Abot-Alam at PG LIFE-ALS, inilunsad; mapababa ang bilang ng OSYs, target nito




*Ang Grand Launching ng PG LIFE–ALS na dinaluhan ng mga matataas na opisyal mula sa DepEd, TESDA; at pamahalaang panlalawigan sa pangunguna ni Gob. Egay Tallado. Ang Grand Launching na ito ay pinangasiwaan Community Affairs Office sa pamumuno ni Jocelyn Grace A. Calimlim na tumatayong Acting PIO at CAO IV.*

Ikaw ba ay edad 15-30 taon ngunit hindi pa nakapagtatapos ng hayskul? Kung gayon, magpatala sa *Barangay Secretary* sa inyong lugar na itinalaga para magsagawa ng *survey on the prevalence of out-of-school youths (OSYs)* sa ilalim ng programang Abot-Alam at *PG LIFE-ALS*.

Ang ABOT-ALAM at *PG LIFE-ALS* na tutulong sa inyo para makabalik sa paaralan ay inilunsad noong Nob. 27, 2014 sa angkop na programang idinaos sa *Little Theater*, *Provincial Capitol*, Daet.

Mapalad ang Lalawigan ng Camarines Norte sapagkat dumating sa okasyon si *Dir.* Ramon Fiel G. Abcede, *Acting Director IV-DepEd Regional Office 5* bilang panauhing pandangal at tagapagsalita.

Ang naging sentrong gawain dito ay ang paglagda sa isang *Memorandum of Agreement (MOA)* ng mga kaukulang opisyal ng pamahalaang panlalawigan at pambansang ahensya para sa implementasyon ng Abot-Alam na simbolo ng kanilang pagkakabuklud-buklod para maabot ang mithiin tungo sa *Zero Out Of School Youth Philippines.*

Pinangunahan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang paglagda sa naturang *MOA* bilang opisyal na kumakatawan sa *LGU*

(Sundan sa pahina 7)

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 5, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# P1.2-bilyong PRDP projects at coco geonet production project sa 2015, nakalinya na; P120-M ambag o equity dito ng PGCN magmumula sa LBP loan

Tinatayang 102.404 kilometrong kongkretong kalsada ang madaragdag sa Camarines Norte ngayong 2015 dahil sa panibagong mga proyekto na ipatutupad sa ilalim ng *Provincial Rural Development Program (PRDP)* na pinupunduhan ng *Department of Agriculture (DA)*.

Nakalinya rito ang umaabot sa P1,203,565,823.00 o P1.2 bilyong *PRDP projects* na kinabibilangan ng mga sumusunod:

***Construction/Upgrading of 10 Roads and Bridges***:

- Pinagwarasan-Lanot Road (21.05 kms.) - 220,000,000.00
- Cabusay-Fundado-Bagacay-Awitan, Labo-Mampungo, Paracale- Manlucugan, Vinzons-Tabas-Bakal, Paracale (13.944 kms.) - 167,000,000.00
- Calabagas-Cabanbanan, San Vicente-Caawigan, Talisay-Sto. Domingo, Vinzons (4.33 kms.) - 52,000,000.00
- Sto. Domingo-Guinacutan-Napilihan Port (7.8 kms.) - 94,080,000.00
- Poblacion-Pulongguit-guit, Sta. Elena (4.38 kms.) - 52,560,000.00
- Sta. Elena-San Isidro-Sta. Cruz-San Jose-Dahican, Jose Panganiban (13.77 kms.) - 165,000,000.00

(Sundan sa pahina 4)

# P60 milyong tseke paunang pondo para sa DILG PAMANA Projects dumating na

Ang P60 milyong tseke ay tinanggap ng LGU Camarines Norte para sa implementasyon dito ng *2014 PAMANA Projects* ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)*.

Pinangunahan ni *DILG OIC Regional Director* Elouisa T. Pastor ang *turnover of P60-million check* kay Gob. Edgardo A. Tallado na idinaos noong Nob. 6 sa Tanggapan ng Gobernador.

Ang naturang tseke ay paunang pondo na hinati para sa mga sumusunod na proyekto:

- **P8 milyon** para sa *Rehabilitation of* Caayu-nan-Oliva Barangay Road, Basud na may kabuuang ***P10-M project cost***;
- **P12 milyon** para sa Concreting of Pag-asa - Calabasa *Farm to Market Road (FMR)*, Labo na ang kabuuang *project cost* ay ***P25 milyon***
- **P20 milyon** para sa Concreting of Pambuhan-Lanot *FMR*, Mercedes na may kabuuang *project cost* na ***P25 milyon***
- **P20 milyon** para sa *Concreting of* Tabugon-Maulawin *FMR*, Sta. Elena

Matatandaan na una nang ibinalita ni Gob. Tallado na may P117 milyong pondo ang nakalaan para sa 6 na *farm-to-market roads (FRMs)* at 3 *water system projects* dito na ang implementasyon ay pangangasiwaan ng pamahalaang panlalawigan.

Sa P117-M laang pondo, P81 milyon ay manggagaling sa *DILG-*

(Sundan sa pahina 7)

*Tinatanggap ni Gob. Egay Tallado mula kay DILG OIC RD Elouisa Pastor ang mga tseke na umaabot sa P60-M para sa iba't-ibang proyektong nasa ilalim ng Payapa at Masaganang PamayaNan o PAMANA na ipatutupad dito sa lalawigan ng Camarines Norte. Nakamasid sina DILG Cam. Norte Erwin Garcia, at SP Members Romeo Marmol at Pol Gache. (kaliwa-kanan)*

